Sistema sa Alokasyon ng Puwang para sa Mga Sekundaryang Paaralan 2024/2026
(Para sa Admisyon sa Sekundarya 1 sa Setyembre 2026)
Madalas na mga Katanungan

Mekanismo ng Sentral na Alokasyon

(1) Q Ilang mga puwang sa Sekundarya 1 (S1) ang inilaan sa ilalim ng Sentral na Alokasyon (CA)?

A Pagkatapos ibawas ang mga puwang para sa repeater at discretionary places (DP), ang natitirang mga puwang sa isang paaralang sekundarya ay ginagamit para sa CA. Sa mga puwang para sa CA, may humigit-kumulang na 10% na nakalaan para sa walang restriksyong pagpili sa paaralan at maaaring pumili ang mga magulang ng hindi hihigit sa tatlong paaralan (kasama na ang mga paaralan sa school net kung saan nabibilang ang kanilang mga anak) mula sa anumang distrito, samantalang ang natitirang humigit-kumulang na 90% ng mga puwang sa ilalim ng CA ay para sa may restriksyong pagpili sa paaralan. Maaaring pumili ang mga magulang ng hanggang 30 paaralan sa school net ng kanilang mga anak.

(2) Q Ano ang mga pamantayan at proseso ng alokasyon para sa CA?

A Ang CA ay ibinabatay sa allocation band ng mag-aaral, piniling mga paaralan ng magulang, at random number.

Ang mga "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi A ang unang ipoproseso. Pagkatapos na maiproseso ang mga pagpipili sa paaralan ng lahat ng mga mag-aaral sa Bahagi A, saka lamang mag-uumpisa ang computer na magproseso ng mga "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi B.

Sa pagproseso ng mga "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi A, unang magtatalaga ang computer ng mga puwang sa paaralan sa mga mag-aaral na nasa Territory Band 1 ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod sa mga piniling paaralan. Matapos suriin ang mga piniling paaralan ng lahat ng mga mag-aaral na ito, susundin ng computer ang parehong pamamaraan upang iproseso ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Territory Band 2 at panghuli ay ang mga mag-aaral na nasa Territory Band 3. Ang mga mag-aaral na nagpagkalooban ng puwang sa Bahagi A ay hindi magagawaran ng puwang sa Bahagi B. Kung ang isang mag-aaral ay hindi nagawaran ng puwang sa paaralan sa Bahagi A matapos masuri ang lahat ng kanyang mga piniling paaralan, gagawaran siya ng puwang sa Bahagi B.

Sa pagproseso ng "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi B, unang magtatalaga ang computer ng mga puwang sa paaralan sa mga mag-aaral sa ilalim ng Net Band 1 ayon sa pagkakasunod-sunod ng kanilang mga piniling paaralan. Kung hindi makapaglaan ng puwang sa paaralan para sa isang mag-aaral sa ilalim ng Net Band 1 kahit naproseso na ang lahat ng kanyang mga piniling paaralan, maglalaan ang computer sa kanya mula sa natitirang mga puwang sa school net[1]. Hanggang sa makapaglaaan ng puwang sa paaralan sa lahat ng mag-aaral sa ilalim ng Net Band 1, susundin ng computer ang parehong pamamaraan upang iproseso ang mga pagpipilian

[1] Hindi kabilang ang mga paaralang nasa ilalim ng Direct Subsidy Scheme at mga paaralang may paalala na "Ang mga mag-aaral ay hindi mabibigyan ng puwang sa paaralan na ito maliban na lang kung kasama ito sa kanilang mga piniling paaralan".

ng mga mag-aaral sa ilalim ng Net Band 2 at sa huli ay ng mga mag-aaral sa ilalim ng Net Band 3.

.
Para sa mga pamamaraan ng alokasyon ng CA, ang mga magulang ay maaaring sumangguni sa "Mga Tala para sa mga Magulang tungkol sa Sentral na Alokasyon" na ia-upload sa Homepage ng Kawanihan ng Edukasyon (EDB) sa simula ng Abril 2026. Bukod dito, ang kaugnay na video tungkol sa pamamaraan ng CA ay na-upload na rin sa Homepage ng EDB.

Video sa pamamaraan ng paglalaan sa yugto ng CA

(3) Q Ano ang gamit ng random na numero?

A Ang random na numero ay ginagawa ng computer bago simulan ang sentral na programa ng alokasyon. Ginagamit ito upang matukoy ang pagkakasunud-sunod ng alokayson ng mga mag-aaral sa loob ng parehong allocation band. Kung ang demand para sa mga puwang sa isang partikular na paaralang sekondarya ay mas mataas kaysa sa suplay, ang mag-aaral na may mas mababang random na numero sa parehong allocation band ang unang bibigyan ng puwang. Walang kaugnayan ang random na numero sa "Student Reference Number" o personal na datos ng mag-aaral. Sa proseso ng alokasyon, bawat mag-aaral ay magkakaroon lamang ng isang random na numero. Ang random na numero ay hindi mananatili pagkatapos na makumpleto ang proseso ng alokasyon.

(4) Q Kung ang mga magulang ay nakapili ng isang sekondaryang paaralan na sa huli ay hindi nag-aalok ng mga puwesto sa S1 sa ilalim ng Sistema sa Alokasyon ng Puwang para sa Mga Sekundaryang Paaralan (SSPA) sa siklong ito ng alokasyon, paano ipoproseso ang piniling paaralan?

A Kung ang mga magulang ay nakapili ng isang sekondaryang paaralan na sa huli ay hindi nag-aalok ng mga puwesto sa S1 sa ilalim ng Sistemang SSPA sa siklong ito ng alokasyon, ang piniling paaralan ay hindi ipoproseso. Sa panahon ng mga pamamaraan ng alokasyon, lalaktawan ng kompyuter ang (mga) piniling paaralan na may kinalaman at isusulong ang mga sumunod na piniling paaralan (kung mayroon man) sa Secondary One Choice of Schools Form (Choice Form).

Pamamaraan sa Pagpili ng Paaralan sa Sentral na Alokasyon

(5) Q Ano ang mga kaayusan sa pamamahagi ng dokumento para sa pagpapasya (kasama ang Choice Form) para sa CA?

A Magpapamahagi ang EDB ng mga sumusunod na dokumento para sa pagpili ng paaralan sa simula ng Abril 2026:

- ang "Mga Tala para sa mga Magulang tungkol sa Sentral na Alokasyon";
- ang "Handbook para sa mga Unrestricted School Choices";
- ang "Listahan ng mga Sekondaryang Paaralan" ng bawat school net; at
- ang "Secondary One Choice of Schools Form" (Choice Form)

Upang matugunan ang pangangailangan ng iba't-ibang mga magulang, mamamahagi ang EDB ng Choice Forms sa papel sa pamamagitan ng mga primaryang paaralan sa mga magulang na hindi pa naggsusumite ng DP allocation sa SSPA e-platform (eSSPA) sa unang bahagi ng Abril 2026. Maaari silang magpasyang magsumite ng CA applications sa pamamagitan ng eSSPA o sa paper form. Kung ang mga magulang ay nagsumite ng mga DP application sa pamamagitan ng eSSPA, sila ay kailangang magpatuloy sa paggamit ng eSSPA sa pagsusumite ng CA applications.

(6) Q Anong mga dokumento ang dapat sangguniin ng mga magulang kapag pinupunan ang Choice Form?

A Sa pagpuno ng Choice Form, dapat sangguniin ng mga magulang ang "Mga Tala para sa mga Magulang tungkol sa Sentral na Alokasyon", ang "Handbook para sa mga Unrestricted School Choices", at ang "Mga Listahan ng mga Sekondaryang Paaralan" ng kani-kanilang school net.

"Mga Tala para sa mga Magulang tungkol sa Sentral na Alokasyon"
- ay na-upload na sa Homepage ng EDB at sa eSSPA sa simula ng Abril 2026

"Handbook para sa mga Unrestricted School Choices",
- ay na-upload na sa Homepage ng EDB at sa eSSPA, at sa 24-oras na Awtomatikong Sistema sa Pagtatanong sa Telepono ng EDB sa 2891 0088 (Pindutin ang 2 (English) > 6 (Request For Information Through Fax) > 4 (Secondary School Places Allocation System: School Lists)) sa simula ng Abril 2026

"Mga Listahan ng mga Sekondaryang Paaralan"
- makakatanggap ng "Listahan ng mga Sekondaryang Paaralan" ng kani-kanilang school net sa pamamagitan ng pinapasukang primaryang paaralan ng kanilang mga anak sa simula ng Abril 2026
- ay maaari ring basahin ang pinakabagong bersyon sa internet sa Homepage ng EDB o sa eSSPA

(7) Q Kailan ang huling araw (deadline) para sa pagsusumite ng Choice Form?

A Ang mga magulang na nagrehistro bilang mga user ng eSSPA at nag-ugnay ng kanilang account sa "iAM Smart+"[2] ay maaaring magsumite ng aplikasyon para sa CA sa pamamagitan ng eSSPA sa pagitan ng Abril 9 at Mayo 6, 2026. Dapat ibalik ng mga magulang ang nakumpletong elektroniko o papel na Choice Form sa primaryang paaralan ng kanilang mga anak upang maisumite sa EDB bago ang simula ng Mayo 2026. Hindi dapat magsumite ang mga magulang ng dobleng aplikasyon (sa pamamagitan ng eSSPA at sa anyong papel) sa pinapasukang primary school para sa parehong anak.

(8) Q Ano ang dapat tandaan ng mga magulang kapag pinupunan ang Choice Form?

A Mahigpit na pinapayuhan ang mga magulang na isaalang-alang ang lahat ng aspeto ng isang paaralan, tulad ng sa pilosopiya sa edukasyon, tradisyon, relihiyon, istraktura ng klase, pagpapaunlad at operasyon, at ang mga katangian, personalidad, abilidad at interes ng kanilang mga anak upang makagawa ng tamang pagpili ng paaralan.

Ang Choice Form ay nahahati sa Bahagi A at Bahagi B. Para sa Bahagi A "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan", ang mga magulang ay maaaring pumili ng hindi hihigit sa tatlong paaralang sekundarya mula sa anumang mga school net, kabilang ang school net na napapailalim ang kanilang mga anak. Patungkol naman sa Bahagi B na "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan", dapat punan ng mga magulang ang mga paaralan mula sa school net kung saan nabibilang ang kanilang mga anak ayon sa pagkakasunud-sunod batay sa kanilang nais at gumawa ng 30 pagpili sa abot ng kanilang makakaya. Kung ang mga paaralang sekundarya na kanilang tinukoy sa Bahagi A ay matatagpuan din sa school net ng kanilang mga anak, maaari nilang isama ang mga paaralang ito sa Bahagi B. Gayunpaman, hindi dapat maging paulit ulit ang pagpili sa parehong paaralan sa parehong bahagi dahil hindi nito mapapataas ang tsansa ng kanilang mga anak na mabigyan ng alokasyon sa paaralang ito.

Ang mga magulang, kapag pinupunan ang Bahagi A ng Choice Form, ay kailangang tingnang mabuti ang School Code at siguraduhing ito ay tumutugma sa nakalagay sa "Handbook for Unrestricted School Choices". Dahil sa ang mga piniling paaralan sa Bahagi A ay hindi limitado ng mga school net, kahit na magkamali ang mga magulang sa paglagay ng maling school code (halimbawa, school code ng ibang paaralan kaysa sa kanilang piniling paaralan), ang computer ay ipoproseso pa rin ang piniling paaralan, na maaaring magresulta upang mailaan ang kanilang anak sa paaralang iyon. Ang mga magulang ay dapat sumangguni sa mga School Codes na nakalimbag sa "Secondary School List" ng school net na kung saan kabilang ang kanilang anak kapag pinupunan ang Bahagi B ng Choice Form. Dapat maingat na ilagay ng mga magulang ang School Codes at ang mga maling pagtatala ay hindi ipoproseso. Bukod dito, kung ang mga magulang ay pumili ng isang sekundaryang paaralan na hindi nag-aalok ng mga puwang sa S1 sa ilalim ng SSPA System sa kasalukuyang cycle ng alokasyon, hindi iproseso ang pagpili sa paaralang ito.

Sa panahon ng proseso ng alokasyon, ang computer ay unang magpoproseso ng mga piniling paaralan sa Bahagi A, at pagkatapos ay ang mga pagpiling ginawa sa Bahagi B. Kaya't ang isang mag-aaral na nakakuha ng puwang sa paaralan sa Bahagi A ay hindi na makakatanggap ng puwang sa paaralan sa Bahagi B. Kaya't dapat ilagay ng

[2] Para sa mga detalye ng pagpaparehistro sa "iAM Smart+" / pag-upgrade sa "iAM Smart+", mangyaring bisitahin ang Homepage ng "iAM Smart" (https://www.iamsmart.gov.hk) (Piliin: Home > "iAM Smart" Registration > Registration Methods).

mga magulang ang (mga) paaralang pinakanais nilang piliin sa Bahagi A. Dahil mayroong mas maraming puwang sa mga paaralan sa Bahagi B at malaki ang posibilidad na maipapasok dito ang mga mag-aaral, dapat subukan ng mga magulang na punan ang maraming mga paaralan hangga't maaari sa pamamagitan ng mga pagpipilian sa paaralan na ibinigay sa "Secondary School List", upang madagdagan ang tsansa ng kanilang mga anak na mapagkalooban ng puwang sa paaralan ayon sa kanilang kagustuhan.

(9) Q Kinakailangan ba ng mga magulang ng lahat ng mga kalahok na mag-aaral na kumpletuhin ang Choice Form sa CA stage?

A Nag-aplay man o hindi ang mga mag-aaral para sa isang DP ng isang kalahok na sekundaryang paaralan (kabilang ang Jockey Club Ti-i College), dapat nilang ibalik ang nakumpletong Choice Form sa EDB sa pamamagitan ng kanilang mga primaryang paaralan o sa pamamagitan ng eSSPA o papel na form sa mga unang bahagi ng Mayo 2026. Ito ay upang matiyak na kung sakaling hindi sila naging matagumpay sa kanilang aplikasyon sa mga paaralang ito, sila ay mapagkakalooban pa rin ng S1 na puwang sa ilalim ng CA.

Para sa mga mag-aaral na naabisuhan ng mga kalahok na paaralan bilang matagumpay na mga aplikante ng DP, o tinanggap ng Jockey Club Ti-i College o sekundaryang paaralan sa ilalim ng Direct Subsidy Scheme na hindi kalahok sa Sistema ng SSPA (sekundaryang paaralan sa ilalim ng NDSS) mangyaring piliin ang "Do NOT need to make school choices on the Secondary One Choice of Schools Form" (mangyaring sumangguni sa diagram sa ibaba) upang laktawan ang mga bahagi sa pagpili sa paaralan sa Bahagi A at Bahagi B, at digital na lagdaan sa "iAM Smart+", kasama ang pagkumpirma at pagsusumite ng Choice Form sa pamamagitan ng eSSPA.



Para sa mga magulang na magsusumite ng paper Choice Form, pakipili ang opsyong "Do NOT need to make school" sa Choice Form, ekisan ang mga bahagi tungkol sa pagpili ng paaralan, at lagdaan ang Choice Form pagkatapos punan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan upang ipahiwatig na hindi na kailangang pumili ng paaralan (mangyaring sumangguni sa diagram sa ibaba).

Kung **hindi kinakailangan** ng mag-aaral na magkaroon ng puwang sa ilalim ng S1 na may subsidiya sa pamamagitan ng SSPA System (halimbawa, mag-aaral ang estudyante sa labas ng Hong Kong), at magpasyang hindi sumali sa SSPA System, kailangan ng magulang na punan ang impormasyon upang makontak sila sa pahina ng "Apply for Central Allocation", sa eSSPA at piliin ang "Do NOT need to be allocated a subsidized S1 place through the SSPA System" (mangyaring sumangguni sa diagram sa ibaba) upang laktawan ang mga bahagi tungkol sa pagpili ng paaralan sa Bahagi A at Bahagi B, at lagdaan ito ng digital gamit ang "iAM Smart+" kasabay ng pagkumpirma at pagpasa ng Choice Form sa pamamagitan ng eSSPA.



Para sa mga magulang na magsusumite ng paper Choice Form, pakipili ang opsyong “Do NOT need to be allocated a subsidised S1 place through the SSPA System”, ekisan ang mga bahagi tungkol sa pagpili ng paaralan, at lagdaan ang Choice form pagkatapos punan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan upang ipahiwatig ang intensyon na hindi lumahok sa CA (mangyaring sumangguni sa diagram sa ibaba).

請在以下其中一個空格內填上 √ 號： Please tick one of the boxes below:

☐ 需要填寫選校部分（請填寫本表格甲部及乙部的學校選擇）
Make school choices (Please fill in the school choices in Part A and Part B on this form)

☐ 不需要填寫選校部分，因學生已獲參加派位中學通知為自行分配學位正收學生，或已獲賽馬會體藝中學或不參加派位的直接資助計劃中學錄取（即放棄參加統一派位）
Do NOT need to make school choices as the student has been notified as successful Discretionary Places applicant, or has been admitted by Jockey Club Ti-I College or Direct Subsidy Scheme secondary schools not participating in the Secondary School Places Allocation System (i.e. give up participating in Central Allocation)

☑ 不需要透過中學學位分配辦法獲分配資助中一學位（例如學生將離港升學）（即放棄參加派位）
Do NOT need to be allocated a subsidised Secondary 1 place through the Secondary School Places Allocation System (for example, the student will study outside Hong Kong) (i.e. give up participating in the Secondary School Places Allocation System)

甲部 Part A 不受學校網限制的學校選擇 Unrestricted School Choices

任何學校網的學校，包括學生所屬學校網，請參閱《不受學校網限制選校手冊》，並依選擇的優先次序填上學校編號，電腦會先處理甲部的學校選擇。

ANY school nets, including the student's school net. Please refer to the "Handbook for Unrestricted School Choices" and enter below the School Codes in order of preference. The school choices in Part A will be processed first.

第一選擇 First Choice | 第二選擇 Second Choice | 第三選擇 Third Choice

學校編號 School Code

乙部 Part B 按學校網的學校選擇 Restricted School Choices

學生所屬學校網 Student's School Net: HK2

請參閱學生所屬學校網的《中學一覽表》，並依選擇的優先次序填上網內的學校編號。學生如未獲分配甲部選填的學校，電腦便會處理乙部的學校選擇。

Please refer to the "Secondary School List" and enter below the School Codes within student's school net in order of preference. The school choices in Part B will be processed if students are not allocated school places in Part A.

選擇次序 Order of Preference	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10
學校編號 School Code										

選擇次序 Order of Preference	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20
學校編號 School Code										

選擇次序 Order of Preference	21	22	23	24	25	26	27	28	29	30
學校編號 School Code										

本人聲明，已閱讀《給家長的通知》（統一派位安排須知）及填寫上述選校表格。
I certify that I have read the "Notes for Parents on Central Allocation" and I have made the above choices at my own will.

本人同意教育局透過電話短訊形式(SMS)通知學生的派位結果予本人，本人可修改 SMS 的手提電話號碼已填寫在右邊的方格內（如不同意接收 SMS 請留空此方格）。Consent is given for the Education Bureau to inform me of the allocation results of the student via SMS message. My mobile phone number which can receive SMS is provided in the box on the right (please leave the box blank if you do not wish to receive SMS).

9866 XXXX

家長/監護人簽署 Signature of Parent/Guardi... Chan T M 聯絡電話 Contact Tel. No. 9866 XXXX 日期 Date XX/XX/2026

家長/監護人姓名（請用正楷填寫） Name of Parent/Guardian (In BLOCK Letters) Chan Tai Man

住址 Home Address Flat XX, XX Floor, XX Building, XX Road, HK

Kung ang mga magulang ay pinili ang “Make school choices”, ngunit hindi pumili ng anumang paaralan, at ang mag-aaral ay parehong hindi nabigyan ng puwang sa paaralan sa DP stage at hindi natanggap sa Jockey Club Ti-I College / sekundaryang paaralan sa ilalim ng NDSS, ang mga mag aaral ay bibigyan ng alokasyon sa mga puwang sa paaralan batay sa itinakdang mekanismo ng alokasyon.

(10) Q Paano dapat pumipili ang mga magulang ng paaralan para sa kanilang anak?

A Bago pumili ng paaralan, dapat pag-aralan ng mga magulang ang "Handbook for Unrestricted School Choices", ang "Secondary School List" ng school net na kinabibilangan ng mag-aaral, ang "Notes for Parents on Central Allocation", at bigyang-pansin ang anumang rekomendasyon ng paaralan, kung mayroon man. Dapat din nilang panoorin ang mga video na "Secondary School Places Allocation System 2024/2026 Cycle" na inilathala sa Homepage ng EDB, at humingi ng payo mula sa mga paaralang primarya ng kanilang mga anak. Pagkatapos nito, dapat pumili ang mga magulang ng hindi hihigit sa tatlong paaralan at ilagay ang mga ito sa Bahagi A ng Choice Form ayon sa priyoridad na ibinigay sa pagpili na batay sa mga katangian, personalidad, abilidad at interes ng kanilang mga anak. Pagkatapos nito, dapat pumili ang mga magulang ng mga paaralan mula sa "Secondary School List", ilagay ang mga ito sa Bahagi B ng Choice Form ayon sa kanilang mga nais, at maglagay ng 30 na mga pagpipilian hangga't maaari. Sa CA, ang piniling paaralan sa ilalim ng Bahagi A "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan" ay ipoproseso bago ang Bahagi B na "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan". Sa madaling salita, ang piniling paaralan ng mag-aaral sa ilalim ng Bahagi B ay hindi ipoproseso kung nabigyan siya ng puwang sa paaralan sa ilalim ng Bahagi A. Sa halip, kung hindi nabigyan ang mag-aaral ng puwang sa Bahagi A, ang kaniyang mga piniling paaralan sa ilalim ng Bahagi B ay ipoproseso.

(11) Q Paano makakakuha ng karagdagang impormasyon ang mga magulang tungkol sa mga sekundaryang paaralan na nais nilang piliin?

A Maaring sumangguni ang mga magulang sa "Secondary School Profile 2025/2026 na ipinamahagi ng Komite sa Kooperasyon ng Tahanan at Paaralan at ipinamahagi sa mga magulang noong Disyembre 2025. Ang mga magulang ay maaari ring bumisita sa mga website ng paaralan sa pamamagitan ng link sa web version ng "Secondary School Profile" upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga paaralang sekundarya. Bilang karagdagan, ang impormasyon ng paaralan, kasama na ang pangalan, address, numero ng telepono, uri ng pinansyal, planong bilang ng mga available na puwang sa paaralan atbp., ay kasama sa "Handbook for Unrestricted School Choices" (Handbook) at sa "Secondary School List". Ang dalawang dokumentong nasa itaas ay naupload na rin Homepage ng EDB. Ang mga magulang ay maaari ring gumamit ng serbisyong facsimile na ipinagkakaloob ng Automatic Telephone Enquiry System (Numero ng Telepono: 2891 0088) (Pindutin ang 2 (English) > 6 (Humiling ng Impormasyon sa Pamamagitan ng Fax) > 4 (Secondary School Places Allocation System: School Lists)) upang makakuha ng impormasyon tungkol sa Handbook. Ang mga magulang ay maaari ring magtanong sa mga paaralan nang direkta sa pamamagitan ng mga numero ng telepono na nakasaad sa mga dokumentong nakalagay sa itaas.

(12) Q Maaari bang sumangguni ang mga magulang sa "Secondary School List" ng ibang mag-aaral?

A Hindi. Mayroong 18 na mga school nets sa Hong Kong, kung saan bawat isa ay binubuo ng iba't ibang mga pagpipilian ng paaralan. Ang "Secondary School List" ng ibang mag-aaral ay maaring mula sa ibang school net at hindi naaangkop.

(13) Q Kapag gumagawa ng pagpili ng paaralan, ano ang dapat bigyang-pansin ng mga magulang kung nais nilang gawing batayan ang akademikong resulta ng kanilang mga anak sa kanilang paaralang primarya?

A Maaaring kumonsulta ang mga magulang sa mga paaralang primaryang pinapasukan ng kanilang mga anak para sa kanilang akademikong resulta bilang isa sa mga sanggunian sa pagpili ng mga paaralan.

Sa ilalim ng kasalukuyang mekanismo, pagkatapos magsumite ang lahat ng paaralang primarya na lumalahok sa SSPA ng mga resulta ng internal assessment (IA) ng kanilang mga mag-aaral sa pagtatapos ng Primarya 5 (P5) at parehong kalagitnaan at pagtatapos ng Primarya 6 (P6), ia-adjust ng computer ang IA results gamit ang average ng sample results mula sa Pre-Secondary One Hong Kong Attainment Test (Pre-S1 HKAT) bilang scaling tool. Ang computer program para sa sentral na alokasyon ay tatakbo lamang kapag natapos nang iproseso ang bilang ng mga lumahok na estudyante sa buong teritoryo at sa bawat school net. Dahil dito, ang Territory Band at Net Band ng mga estudyante ay maaari lamang matukoy kapag nagsimula na ang proseso ng computer allocation. Sa madaling sabi, hindi posible ang eksaktong pagtataya ng allocation band ng isang estudyante batay lamang sa kanyang mga marka, order of merit, o sa akademikong performance ng mga nakaraang batch mula sa parehong paaralan. Ang aktwal na allocation band ng isang estudyante ay maaaring magkaiba sa anumang pagtatayang ginawa ng mga paaralan o magulang. Dahil dito, dapat maging maingat ang mga magulang kapag ginagamit ang impormasyong may kaugnayan sa pagpili ng paaralan bilang sanggunian.

Para sa paliwanag tungkol sa scaling mechanism at allocation bands, mangyaring sumangguni sa kaugnay na video na na-upload sa Homepage ng EDB.

Video sa mekanismo ng pag-scale at mga banda ng alokasyon

(14) Q Dapat lang bang ilagay ng mga magulang ang ilang paboritong paaralang sekondarya bilang kanilang mga piniling paaralan?

A Dapat punan ng mga magulang ang hindi hihigit sa 3 iba't ibang paaralan sa Bahagi A at hanggang 30 na iba't ibang paaralan sa Bahagi B. Ang pagpili sa ilang mga paboritong paaralan o pag-ulit ng parehong mga pinili ayon sa iba't ibang prayoridad sa parehong bahagi ay hindi makadaragdag ng tsansang mailagay ang kanilang mga anak sa mga paaralang iyon. Sa kabaligtaran, maaaring dagdagan nito ang tsansa na ang mga anak nila ay maipasok sa mga paaralan na hindi nila napili. Dapat tandaan na sa CA, ang piniling paaralan sa Bahagi A, ang "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan", ay ipoproseso bago ang Bahagi B, ang "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan". Kaya't dapat lamang na ilagay ng mga magulang ang mga paaralan na mas nais nila sa Bahagi A. Gayunpaman, dahil mas marami ang mga puwang sa paaralan sa Bahagi B at mas malaki ang tsansa na maipasok ang mga mag-aaral sa paaralan sa Bahagi B, dapat subukan ng mga magulang na punan ang 30 na mga pagpipilian hangga't maaari sa Bahagi B upang mas malaki ang tsansa na maipasok ang kanilang mga anak sa mga paaralan na kanilang napili.

(15) Q Maari bang piliin ng mga magulang ang (mga) paaralan kung saan sila nagsumite ng kanilang (mga) aplikasyon sa DP stage na parte ng Bahagi A at Bahagi B ng Choice Form bilang isa/dalawa sa mga piniling paaralan?

A Sa pagpili ng mga paaralan, kung ang (mga) paaralan na inaplayan sa DP ay nasa school net ng mag-aaral at nais pa rin ng mga magulang na maipasok ang kanilang mga anak sa paaralan, maaring pumili ng (mga) paaralan sa Bahagi A at Bahagi B ng Choice Form bilang kanilang mga piniling paaralan at ang prayoridad ng (mga) pinili ay nasa kagustuhan ng mga magulang.

Gayunpaman, kung ang paaralan na kanilang inaplayan sa DP ay hindi bahagi ng school net ng kanilang anak, dapat lamang itong piliin sa Bahagi A ng Choice Form, at ang prayoridad ng mga piniling paaralan ay nasa kagustuhan ng mga magulang.

(16) Q Kung hindi pipili ang mga magulang ng mga paaralan sa Bahagi A, ang "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan", at pumili lamang ng mga paaralan sa Bahagi B, ang "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan", maipapasok ba ang kanilang mga anak sa mga paaralang napili sa ilalim ng Bahagi B sa mas mataas na prayoridad?

A Hindi. Ayon sa proseso ng alokasyon, ang mga piniling paaralan sa Bahagi A, ang "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan", ay ipoproseso bago ang mga piniling paaralan sa Bahagi B, ang "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan". Sa pagproseso ng mga "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi A, unang sasalain ng computer ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Territory Band 1, pagkatapos ay ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Territory Band 2 at panghuli, ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Territory Band 3. Ipoproseso lamang ng computer ang mga piniling paaralan sa Bahagi B pagkatapos na maiproseso ang mga piniling paaralan ng lahat ng mga mag-aaral sa Bahagi A. Sa pagpoproseso ng "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi B, sasalain muna ng computer ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Net Band 1 hanggang sa ang lahat ay mabigyan ng puwang sa paaralan. Pagkatapos ay sasalain ng computer ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Net Band 2,

at panghuli, ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Net Band 3 sa pamamagitan ng parehong proseso.

Kung hindi pipili ang mga magulang ng mga paaralan sa Bahagi A, ang "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan", at pumili lamang ng mga paaralan sa Bahagi B, ang "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan", ang kanilang anak ay mawawalan ng pagkakataon na maipasok sa mga napiling paaralan sa Bahagi A.

(17) Q Kung nagbigay pahintulot ang mga magulang na makatanggap ng resulta ng alokasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng SMS, paano nila ilalagay ito sa Choice Form? Kailangan pa ba ng mga mag-aaral na kunin ang kanilang mga resulta ng alokasyon mula sa kanilang pinapasukan na paaralang primarya?

A Kasunod na ipapaalam ng EDB sa mga magulang ang resulta ng alokasyon ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng mensahe sa SMS simula 10 a.m. sa araw ng pag-aanunsyo ng resulta ng alokasyon sa cycle na ito (sa 7 Hulyo 2026). Ang mga magulang na nais tumanggap ng kaugnay na mensahe sa SMS ay dapat magbigay ng kanilang numero ng mobile phone na maaaring tumanggap ng SMS sa nakasaad na kahon sa Choice Form, upang ipahiwatig ang kanilang pahintulot na tumanggap ng SMS messages sa numero ng mobile phone na ito. Maliban dito, ang mga magulang na nakarehistro bilang users sa eSSPA ay maaaring makita ang resulta ng alokasyon sa pamamagitan ng eSSPA simula 10 a.m. sa araw ng pag-aanunsyo ng resulta ng alokasyong sa cycle na ito. Ang pamamaraan para sa pagkuha ng mga mag-aaral ng kanilang mga resulta ng alokasyon mula sa kanilang pinapasukang paaralang primarya, pati na rin ang iba pang mga administratibong tuntunin kaugnay ng pagpapahayag ng mga resulta ng alokasyon, ay mananatiling hindi nagbabago.

Mga Allocation Band

(18) Q Paano natutukoy ang mga allocation band? Para saan ginagamit ang mga ito?

A Ang mga mag-aaral ay nakakakuha ng kanilang mga allocation band batay sa kanilang mga nasukat na resulta ng (IA). Ang mga resulta ng IA ng mga mag-aaral sa pagtatapos ng (P5), at pareho sa gitna at dulo ng P6 ay i-standardize, at susukatin gamit ang average ng mga nakuha na resulta ng Pre-S1 HKAT 2018 at 2024 ng paaralan. Para sa mga paaralan na walang mga nakuhang resulta ng Pre-S1 HKAT 2018 o 2024 (halimbawa: isang bagong paaralan), gagamitin ang average ng mga nakuha na resulta ng Pre-S1 HKAT ng lahat ng lumalahok na paaralang primarya sa loob ng parehong school net sa partikular na taon na iyon para sa kasangkapan sa pagsusukat.

Para sa alokasyon ng mga puwang sa paaralan sa Bahagi A ng mga "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa CA, ang mga sinukat na marka ng lahat ng mag-aaral sa teritoryo ay ilalagay sa isang pagkakasunud-sunod ayon sa merito. Pagkatapos nito, ang mga mag-aaral ay hinati sa tatlong Territory Bands, na bawat isa ay binubuo ng ikatlong bahagi ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa primarya sa teritoryo. Patungkol sa alokasyon ng mga puwang sa paaralan sa Bahagi B ng mga "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa CA, ang mga sinukat na marka ng lahat ng mag-aaral sa teritoryo ay ilalagay sa isang pagkakasunud-sunod ayon sa merito. Pagkatapos nito, ang mga mag-aaral ay hinati sa tatlong Net Bands, na bawat isa ay binubuo ng ikatlong bahagi ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa primarya sa school net.

Habang ang Territory Band at Net Band ay ginagamit upang matukoy ang pagkakasunud-sunod ng alokasyon ng isang mag-aaral para sa mga "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi A ng CA, at ang "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi B ng CA, ang mga ito ay ay hindi isang lubos na pamantayan sa pag-assess ng academic performance ng mga mag-aaral sa P6. Pagkatapos makumpleto ang proseso ng alokasyon, ang allocation band ng mga indibidwal na mag-aaral ay hindi mananatili.

Pakitandaan na sa ilalim ng kasalukuyang mekanismo, matapos magsumite ang lahat ng paaralang primarya na lumalahok sa SSPA ng mga resulta ng IA ng kanilang mga mag-aaral sa pagtatapos ng P5, pati na rin sa kalagitnaan at pagtatapos ng P6, ia-adjust ng computer ang IA results gamit ang nabanggit na scaling mechanism. Ang central allocation computer program ay tatakbo lamang matapos maisapinal ang bilang ng mga lumahok na estudyante sa buong teritoryo at sa bawat school net. Dahil dito, ang Territory Band at Net Band ng mga estudyante ay maaari lamang matukoy sa pagsisimula ng computer allocation process. Sa madaling sabi, hindi posible ang eksaktong pagtataya ng allocation band ng isang estudyante batay lamang sa kanyang mga marka, order of merit, o sa akademikong performance ng mga nakaraang batch mula sa parehong paaralan. Ang aktwal na allocation band ng isang estudyante ay maaaring magkaiba sa anumang pagtatayang ginawa ng mga paaralan o magulang. Dahil dito, dapat maging maingat ang mga magulang kapag ginagamit ang impormasyong may kaugnayan sa pagpili ng paaralan bilang sanggunian.

Para sa paliwanag tungkol sa scaling mechanism at allocation bands, mangyaring sumangguni sa kaugnay na video na na-upload sa Homepage ng EDB.

Video sa mekanismo ng pag-scale at mga banda ng alokasyon

(19) Q Magkakaiba ba ang Territory Band ng isang mag-aaral sa kanyang Net Band?

A Ikukumpara ang mga nasukat na marka na nakuha ng isang mag-aaral sa kanilang paaralang primarya sa mga nasukat na marka ng ibang mag-aaral sa teritoryo upang malaman kung saang Territory Band sila nararapat na mapabilang. Gayundin, ikukumpara ang mga nasukat na marka na nakuha nila sa kanilang paaralang primarya sa mga nasukat na marka ng mga mag-aaral sa parehong school net upang malaman kung saang Net Band sila nararapat na mapabilang. Sa madaling salita, maaaring magkaiba ang Territory Band at Net Band ng isang mag-aaral.

(20) Q Kung ang mag-aaral ay naaprubahan para sa cross-net na alokasyon, paano malalaman ang kaniyang Net Band sa bagong school net? May pagbabago ba sa kanyang Territory Band?

A Para sa isang mag-aaral na aprubado para sa cross-net na alokasyon, ikukumpara ang mga nasukat na marka na nakuha nila sa kanilang paaralang nasa orihinal na school net sa mga nasukat na marka ng mga mag-aaral sa bagong school net upang malaman kung saang Net Band sila nararapat na mapabilang. **Sa madaling salita, maaaring magkaiba ang Net Band ng isang mag-aaral sa bagong school net kumpara sa kanilang orihinal na school net.** Para sa Territory Band ng mag-aaral, hindi ito magbabago dahil sa pagka-apruba ng cross-net na alokasyon.

(21) Q Kailangan pa rin bang magsumite ng mga kalahok na paaralang primarya ng mga resulta ng IA ng mga mag-aaral na nakatanggap ng abiso bilang mga matagumpay na aplikante ng DP para sa pagtukoy ng kanilang allocation bands?

A Sa ilalim ng mga kasunduan para sa notipikasyon, kinakailangan pa rin ng mga kalahok na paaralang primarya na magsumite ng mga resulta ng IA sa pagtatapos ng P5, sa kalagitnaan ng taon at sa katapusan ng P6 para sa lahat ng mag-aaral (kabilang ang mga naabisuhan ng mga kalahok na sekondaryang paaralan bilang matagumpay na aplikante ng DP o ang mga natanggap ng mga sekundaryang paaralan sa ilalim ng NDSS). Sa CA stage, ang mga nasukat na marka ng lahat ng mag-aaral na kasali sa teritoryo/parehong school net ay ilalagay sa isang listahan

ng pagkakasunod-sunod ng pagkakabatay sa merito sa pamamagitan ng isang computer. Pagkatapos ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pantay-pantay na paghahati sa tatlong teritoryo/net bands na bawat isa ay binubuo ng ikatlong bahagi ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral na kasali sa teritoryo/parehong school net. Sa madaling salita, ang bilang ng mga mag-aaral sa bawat band ay nakasalalay sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral na kasali, at ang allocation bands ng lahat ng kasali (kabilang ang mga naabisuhan bilang matagumpay na mga aplikante ng DP) ay nakabatay sa kanilang nasukat na mga resulta ng IA.

School Net

(22) Q Ano ang School Net? Paano naihihiwalay ang mga school net sa sekondarya?

A Ayon sa mga hangganan sa administrasyon ng distrito, nahahati ang buong teritoryo sa 18 school net sa sekondarya para sa alokasyon ng mga puwang sa paaralan habang ang CA sa Bahagi B ay isinasagawa ayon sa school net. Bawat school net ay bilang batayan ay kinabibilangan ng lahat ng mga kalahok na primarya at sekundaryang paaralan na nasa distrito at maging ng ilang S1 places mula sa sekundaryang paaralan sa ibang distrito na sa ilalim ng netting arrangements upang matugunan ang sitwasyon sa mga indibidwal na school/school nets. Ang bilang ng mga paaralang pangsekondarya at puwang sa paaralan na ipinagkaloob mula sa ibang mga distrito ay maaaring magbago taun-taon batay sa demand at suplay. Ayon sa kasalukuyang polisiya, maliban sa mga mag-aaral na ang aplikasyon para sa mga cross-net na alokasyon ng iba't ibang school net ay nakatanggap ng pahintulot, ayon sa alituntunin, ang sekundaryang paaralan na kinabibilangan ng isang mag-aaral ay natutukoy sa pamamagitan ng pisikal na lokasyon ng paaralang primaryang pinapasukan ng mag-aaral, hindi ang distrito kung saan naninirahan ang mag-aaral.

(23) Q Paano pinamamahalaan ang mga S1 places sa bawat school net?

A Ang pagbibigay ng mga puwang sa paaralan ng pampublikong sektor sa mga S1 sa ay pinamamahalaan sa buong teritoryo. Dahil ang demand at suplay ng mga puwesto sa paaralan sa bawat distrito ay maaaring magkaroon ng mga pagbabago taon-taon, upang matiyak ang sapat na suplay ng S1 places upang matugunan ang pangangailangan at magbigay sa mga magulang ng mas maraming pagpipilian, ang pagkakabuklod ng mga S1 places mula sa ibang mga distrito at mga distrito na may maliit na bilang ng mga sekundaryang paaralan at/o puwang sa paaralan ay isang matagal nang naipapatupad na kasunduan na maaari ring tumiyak sa pagiging balanse at tugunan ang mga alalahanin at pangangailangan ng iba't ibang stakeholder hangga’t maaari. Sa paglikha ng mga kasunduan sa pagkakabuklod, binabalanse ng EDB ang ilang mga kadahilanan tulad ng pangangailangan at suplay ng mga puwang sa paaralan sa bawat distrito, ang distribusyon ng uri ng paaralan, ang lokasyon ng mga paaralan at mga pasilidad sa transportasyon, pati na rin ang nakatatag na pattern sa pagkakabuklod ng S1 places. Makikipatulungan ang EDB sa ilalim ng pakikipag-ugnayan sa SSPA Committee, planuhin ang pamamahala sa pagkakabuklod-buklod para sa kasalukuyang taon matapos ang masusing konsiderasyon sa mga pananaw ng mga stakeholder patungkol sa pamamahala sa ilalim ng SSPA System.

Ang bilang ng mga sekundaryang paaralan at mga puwang sa paaralan na ipinagkakaloob mula sa iba't ibang distrito ay maaaring magbago taon-taon depende sa sitwasyon ng pangangailangan at suplay. Dapat sumangguni ang mga magulang sa “Secondary School Lists” na ipinamamahagi taun-taon ng EDB para sa mga netting arrangement para sa kaukulang cycle.

(24) Q I-update ba ang bilang ng mga hindi nagamit na mga puwang sa paaralan matapos ang DP stage, tulad ng makikita sa mga kaugnay na dokumento sa CA na sisimulang ma-update sa Abril 2026, upang mapadali ang pagpili ng paaralan ng mga magulang sa CA stage?

A Sa ilalim ng umiiral na patakaran ng SSPA, sa DP stage, maaaring makatanggap ng mga abiso ang ilang mga mag-aaral tungkol sa tagumpay ng kanilang mga aplikasyon sa DP mula sa dalawang kalahok na sekundaryang paaralan at sa huli ay mailalaan sila sa kanilang unang napiling paaralan, na nag-iiwan ng isang puwang sa paaralan na hindi maookupa. Bukod dito, maaaring bitawan ng ilang mga matagumpay na aplikante ang nailaan na DP sa kanila at tanggapin ang mga puwang na inaalok ng mga sekundaryang paaralan sa ilalim ng NDSS. Magiging available din ang mga puwang na ito na inilaan para sa mga matagumpay na aplikante ng DP. Ilalaan ang mga puwang na ito sa mga nakareserbang aplikante at gagamitin ang nalalabi pang mga puwang (kung mayroon man) sa CA. Ang mga kaugnay na dokumento ng CA ay kailangang i-print sa buwan ng Marso 2026 para ipamahagi sa mga magulang para sa kanilang pagsangguni sa buwan ng Abril 2026. Dahil dito, hindi praktikal na i-update ang bilang ng mga puwang sa paaralan dahil sa mahigpit na iskedyul.

(25) Q Mayroon bang anumang espesyal na netting arrangement para sa bilang ng mga puwang sa paaralan sa ilalim ng EMI sa bawat school net?

A Ang pagsasaayos para sa pagpapabuti ng paraan ng pagtuturo (medium of instruction o MOI) para sa mga paaralang pangsekondarya ay ipinatutupad na mula pa noong taong pampaaralan 2010/11. Ang mga paaralan ay hindi na inuuri sa mga paaralang gumagamit ng Tsino bilang MOI ("mga paaralang CMI") o mga paaralang gumagamit ng Ingles bilang MOI ("mga paaralang EMI"). Upang mapaglaanan ang iba't ibang mga pangangailangan ng mga mag-aaral, ang mga pamamaraang MOI sa mga paaralan ay maaaring maging mas dibersipikado, kabilang ang CMI, ang CMI na may pinalawak na mga aktibidad ng pag-aaral sa Ingles, ang CMI/EMI sa iba't ibang mga paksa at buong imersyon sa EMI. Kapag pumipili ng mga paaralan para sa kanilang mga anak, pinapayuhan ang mga magulang na huwag magtuon ng pansin sa MOI ng paaralan, ngunit dapat isaalang-alang sa kabuuan ang ethos ng paaralan, mga katangian, suporta at mga kaugnay na pamamaraan at suriin kung ang mga paaralan ba ay makakatulong na mapaunlad ang mga kakayahan at interes ng kanilang mga anak, at itaguyod ang kanilang personal na pag-unlad. Sa paglipas ng mga taon, sa paggawa ng mga netting arrangement sa paaralan, inaalam ng EDB ang suplay at demand ng mga puwang sa paaralan ng mga kaugnay na distrito, lokasyon ng mga paaralan, pasilidad ng transportasyon, ang nakagawian na netting pattern, at iba pang mga katulad na kadahilanan. Ang iba pang mga salik tulad ng mga pagsasaayos ng MOI na ginamit ng mga paaralan ay hindi isasaalang-alang.

(26) Q Ano ang pagkakaiba ng bilang ng mga puwang sa paaralan na nakalista sa "Handbook for Unrestricted School Choices" at sa "Secondary School List?"

A Dapat sumangguni ang mga magulang sa "Handbook for Unrestricted School Choices" (Handbook) sa pagpuno sa Bahagi A ng "Walang Restriksyong Pagpili" sa Paaralan" ng Choice Form. Ang "Planned Places for All Nets" na nakalista sa Handbook ay para sa lahat ng mag-aaral sa teritoryo at maaaring pumili ang mga magulang ng hindi hihigit sa 3 paaralan sa anumang mga distrito sa Bahagi A.

Sa pagpupuno ng "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi B ng Choice Form, dapat sumangguni ang mga magulang sa "Secondary School List." Ang

“Plannned S1 Places for This Net” na ipinakita sa “Secondary School List” ay para sa mga mag-aaral sa kinauukulang school net. Maaaring pumili ang mga magulang ng hanggang 30 na paaralan sa school net ng mag-aaral sa Bahagi B.

(27) Q Mabibigyan ba ng puwang ang isang mag-aaral sa paaralan na nasa kaniyang school net ngunit hindi niya pinili?

A Kung hindi nakapaglaan ng puwang para sa isang mag-aaral matapos maubos ang lahat ng kanyang mga napiling paaralan, ang computer ang magtatalaga ng puwang para sa kanya mula sa ibang mga paaralan na may natitirang mga puwang sa kanyang sariling school net (maliban sa mga paaralang nasa ilalim ng Direct Subsidy Scheme at mga paaralang may remark na “Hindi itatalaga ang mga mag-aaral sa paaralang ito maliban kung isinama nila ito sa kanilang mga pagpipilian”) ayon sa sinusunod na mekanismo. Sa gayon, dapat subukan ng mga magulang na punan ang maraming paaralan hangga't maaari gamit ang mga napiling paaralan sa "Secondary School List", upang mapataas ang tsansa na mapaglaanan ng napili nilang paaralan ang kanilang mga anak.

(28) Q Mabibigyan ba ng puwang ang isang mag-aaral sa paaralan sa ibang mga distrito?

A Ang isang mag-aaral ay pagkakalooban ng puwang sa paaralan sa ibang mga distrito sa ilalim ng mga sumusunod na pagkakataon:

(a) Ang mag-aaral ay maaaring tinanggap ng isang paaralan sa ibang distrito sa DP stage;
(b) Maaring nakatanggap na ng paglalaan sa isang paaralan sa ibang distrito na napili sa bahagi A na “Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan sa CA stage; o
(c) Sa bawat school net, may mga sekundaryang paaralan na matatagpuan sa distrito at ilang mga sekundaryong paaralan sa ibang mga distrito para sa pagpili ng mga magulang. Ang mga mag-aaral ay maaaring ilagay sa isang paaralang pangsekondarya sa ibang distrito na nagbibigay ng mga puwang sa paaralan para sa kaniyang school net.

(29) Q Ano ang cross-net na alokasyon?

A Ang paglalaan ng mga puwang sa paaralan para sa Bahagi B ng CA ay ginagawa sa pamamagitan ng school net at ang school net na kung saan kabilang ang isang mag-aaral ayon sa alituntunin ay ang school net ng paaralang primarya na kanilang pinapasukan. Kung may tunay na pangangailangan ang isang mag-aaral, na may espesyal na dahilan, upang lumipat ng school net, maaaring magsumite ng aplikasyon para sa cross-net na alokasyon ang mga magulang kasama ang mga kaugnay na dokumentong patunay sa EDB sa pamamagitan ng primaryang paaralan na pinapasukan ng kanilang anak bago ang huling bahagi ng Pebrero 2026. Ang mga magulang na nakarehistro bilang user sa eSSPA at ni-link ang kanilang account sa “iAM Smart+”, ay maaaring magsumite ng aplikasyon para sa cross-net na alokasyon gamit ang eSSPA. Upang matugunan ang pangangailangan ng iba’t-ibang magulang, patuloy na tatanggapin ang mga papel na Application Form. Hindi dapat magsumite ng dobleng aplikasyon gamit ang eSSPA o sa papel na paraan para sa iisang bata. Ipapasa ng paaralang primarya ang lahat ng beripikadong kopya ng mga dokumento ng aplikasyon sa EDB para sa karagdagang pagproseso. Kung ang mag-aaral ay aprubado para sa cross-net na alokasyon sa school net na kabilang sa

kanyang Hong Kong residential address (ibig sabihin, isang tirahan kung saan naninirahan ang aplikanteng mag-aaral at kung saan matatagpuan ang kanyang tanging o pangunahing tahanan sa kasalukuyang siklo ng alokasyon), siya ay lalahok sa Bahagi B ng CA sa bagong school net.

(30) Q Ano ang dapat tandaan ng mga magulang kapag nagdeklara ng residential address ng aplikanteng mag-aaral at nagbibigay ng mga kaukulang dokumentong patunay kung nais nilang mag-aplay para sa cross-net na alokasyon?

A Dapat tandaan ng mga magulang na ang residential address ng aplikanteng mag-aaral ay dapat na kanyang tanging o pangunahing tahanan sa Hong Kong sa kasalukuyang panahon ng alokasyon, ibig sabihin ay isang lugar kung saan naninirahan ang aplikanteng mag-aaral at ito ang kanyang tanging o pangunahing tahanan. Kabilang sa mga katanggap-tanggap na dokumentong patunay ng Hong Kong residential address ang may stamp na kasunduan sa pagpapaupa, demand note para sa rates at/o renta pampamahalaan, kasunduan sa pagpapaupa o rent card ng umuupa na inisyu ng mga awtoridad sa pampublikong pabahay, bill ng residential telephone/home broadband, at mga bill mula sa iba't ibang kumpanya ng utilities tulad ng Towngas, kumpanya ng kuryente, Water Supplies Department, atbp. Ang iba pang mga dokumento tulad ng bank statement, mobile phone bills, court summons at tax demand notes ay hindi tatanggapin. Bukod dito, dapat nakaimprenta ang pangalan at tirahan ng magulang (ibig sabihin, ang nagbabayad) sa dokumentong patunay ng Hong Kong residential address.

(31) Q Maari bang kanselahin ng mga magulang ang kanilang dati nang isinumiteng (mga) aplikasyon ng DP dahil sa kanilang cross-net na aplikasyon? Kailangan pa ba nilang punan ang Choice Form sa CA stage?

A Sa ilalim ng kasalukuyang mekanismo ng SSPA, maaaring kanselahin ng mga mag-aaral ang isa o parehong aplikasyon nila sa DP kung kinakailangan nilang mag-aplay para sa cross-net na alokasyon at ang may kinalamang (mga) sekundaryang paaralan ay hindi matatagpuan sa distritong kanilang inaplayan. Sa pagkakataong ito, kahit na nakatanggap na ang mag-aaral ng abiso bilang mga matagumpay na aplikante, ang kaukulang DP ay awtomatikong ikakansela. Kung lahat ng DP na inaalok ng mga kalahok na paaralang sekundarya ay nakansela dahil sa cross-net na aplikasyon, ang mga kaugnay na magulang ay kailangang punan ang Choice Form upang makasali ang kanilang mga anak sa CA. Kung hindi maglagay ng anumang mga pagpipilian ng paaralan ang mga magulang sa Choice Form at hindi nakatanggap ng puwang sa paaralan mula sa anumang sekundaryang paaralan sa ilalim ng NDSS, sila ay magkakaroon ng puwang sa paaralan batay sa itinakdang mekanismo ng alokasyon.

(32) Q Kung ang isang mag-aaral ay lumipat sa ibang school net ngunit hindi nakapag-aplay para sa cross-net na alokasyon, ano ang magagawa ng mga magulang?

A Karaniwan, ang huling araw ng aplikasyon para sa cross-net na alokasyon ay sa mga huling bahagi ng Pebrero/unang araw ng Marso. Kung ang mag-aaral ay hindi nag-aplay para sa cross-net na alokasyon, maaari siyang lumahok sa CA sa orihinal na school net. Kung nais ng mag-aaral na lumipat sa ibang paaralang sekundarya, dapat muna siyang magrehistro sa itinakdang paaralan matapos ilabas ang resulta ng alokasyon. Pagkatapos, maaaring magtanong o mag-aplay ang mag-aaral para sa admisyon sa ibang paaralang sekundarya na malapit sa kanyang bagong tirahan. Dapat niyang dalhin ang kopya ng kanyang Birth Certificate, Allocation Slip, at mga pinakabagong ulat ng paaralan para sa pagsangguni ng paaralan. Nasa desisyon ng kinauukulan ng paaralang sekundarya kung tatanggapin o hindi ang mag-aaral.

Mga Mag-Aaral Na Hindi Nagsasalita Ng Tsino

(33) Q Sa ilalim ng SSPA System, ano ang mga pamamaraan sa alokasyon para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Tsino (NCS)?

A Lahat ng karapat-dapat na mag-aaral, anuman ang kanilang mga lahi o mga lugar ng kapanganakan, ay nagtatamasa ng pantay na pagkakataon para sa admisyon sa mga paaralan ng pampublikong sektor sa ilalim ng SSPA system, na patas at transparent. Sa madaling salita, ang lahat ng mga karapat-dapat na mag-aaral (kabilang ang mga mag-aaral sa ilalim ng NCS) ay pagkakalooban ng isang puwang sa ilalim ng S1 ayon sa parehong mekanismo. Sila ay maaaring mag-aplay sa anumang dalawang kalahok na mga paaralang sekundarya sa DP stage. Para sa paggawa ng pagpipili sa CA stage, maaari rin silang pumili ng maximum na 3 mga paaralang sekundarya mula sa anumang mga school net sa Bahagi A at hindi hihigit sa 30 na mga paaralang sekundarya sa kanilang sariling mga school net sa Bahagi B ayon sa kanilang kagustuhan.

(34) Q Sa ilalim ng kasalukuyang pamamaraan sa alokasyon, paano dapat pumili ng paaralan ang mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Tsino (NCS)?

A Dapat isaalang-alang ng mga magulang (kabilang ang mga magulang ng mga NCS na mag-aaral) ang lahat ng aspeto ng paaralan, tulad ng pilosopiyang pang-edukasyon, kultura, relihiyon, istraktura ng klase, pag-unlad at operasyon, upang makapagdesisyon kung matutugunan ang mga katangian, personalidad, abilidad, at interes ng kanilang mga anak upang makapili ng angkop na paaralan. Maaaring humingi ng payo ang mga magulang sa mga paaralang primarya ng kanilang mga anak, at bisitahin ang homepage ng paaralan para sa karagdagang detalye. Upang matulungan ang mga magulang ng mga mag-aaral na NCS sa pagpili ng paaralan sa sektor ng pampublikong paaralan, available ang mga impormasyong may kaugnayan sa admisyon sa mga pangunahing wika ng iba't-ibang lahi. Bukod dito, taun-taon ay ginaganap ang mga nakatuon na sesyon ng pagpapaliwanag na may kasamang serbisyo ng kasabay na interpretasyon para sa mga magulang ng mga mag-aaral na NCS.

Upang matulungan ang mga magulang ng mga mag-aaral na NCS sa pagpili ng paaralan para sa kanilang mga anak, naglathala ang Komite sa Kooperasyon ng Tahanan at Paaralan ng bersyon sa Ingles ng Secondary School Profiles upang mapadali sa mga magulang ng NCS na makakuha ng kaugnay na impormasyon tungkol sa mga paaralan. Lahat ng sekundaryang paaralan na pinopondohan ng pamahalaan na tumatanggap ng mga mag-aaral na (NCS) at nag-aalok ng lokal na kurikulum ay kinakailangang tukuyin sa Secondary School Profiles ang karagdagang mga hakbang sa pagsuporta para sa pagpapabuti ng pag-aaral ng mga mag-aaral na NCS sa wikang Tsino at paglikha ng isang inklusibong kapaligiran sa sa mga paaralan.

(35) Q Ano ang mga hakbang sa pagsuporta para sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Tsino (NCS) na ipinagkakaloob ng Kagawaran ng Edukasyon (EDB) upang mapadali ang kanilang pag-aaral ng wikang Tsino?

A Ang Pamahalaan ay nakatuon sa paghimok at pagsuporta sa integrasyon ng mga mag-aaral na NCS sa komunidad, kabilang ang pagtulong sa kanilang maagang pakikiangkop sa lokal na sistema ng edukasyon at pagpapahusay sa wikang Tsino. Ang EDB ay nagkakaloob sa mga mag-aaral na NCS ng komprehensibong suporta sa pagkatuto mula pre-primary hanggang sa sekundarya sa pamamagitan ng mga iba't-ibang estratehiya, kabilang ang curriculum development, learning and teaching resources, pagsasanay sa mga guro, propesyunal na suporta, karagdagang pondo, iba't-ibang landas, edukasyon at suporta sa mga magulang, atbp, upang matulungan ang mga mag-aaral na NCS na maging bihasa sa wikang Tsino at ma-integrate ng maayos sa komunidad. Ang mga hakbang na ito ay lubos na makakatulong sa mga paaralan, guro, sa NCS students at kanilang mga magulang.

Sa pagpapatibay ng itinakdang hakbangin na inilatag sa 2024 Policy Address upang palakasin ang suporta para sa mga NCS na mag-aaral upang mapadali ang kanilang pagkatuto ng Wikang Tsino para sa integrasyon sa komunidad, na lahat ay nakumpleto ayon sa iskedyul. Inanunsyo ng 2025 Policy Address ng Punong Ehekutibo ang ang pagpapalakas ng suporta sa pagkatuto ng Wikang Tsino ng NCS students, kabilang dito ang mas pinalawak na mga kurso sa wikang Tsino pagkatapos ng klase mula sa antas ng mataas na primarya hanggang sa antas ng junior secondary, pagbibigay ng mga kagamitan sa pagtuturo na sadyang ginawa para sa mga NCS na mag-aaral sa antas ng sekondarya batay sa mga kagamitan sa pag-aaral ng HSK Chinese Proficiency Test, gayundin ang pag-oorganisa ng mga cross-school teacher learning communities, na may layuning mapabuti ang kasanayan sa wikang Tsino ng mga NCS na mag-aaral.

Para sa mga detalye ng mga suportang hakbang, mangyaring bisitahin ang Homepage ng EDB.

Seksiyon ng Paglalaan ng mga Lugar sa Paaralan
Kawanihan ng Edukasyon
Abril 2026